REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-116**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PASASALAMAT SA MUNTINLUPA DEVELOPMENT FOUNDATION, INC. (MDF) SA IPINAGKALOOB NA TULONG SA PANANALAPI SA PAMAMAGITAN NG PAGBALIKAT SA PASAHOD NG MGA KARAGDAGANG GURO NG MATAAS NA PAARALANG PAMBAYAN NG MUNTINLUPA.**

---

SAPAGKAT, ang kasalukuyang katayuan ng pananalapi ng Pamahalaang Bayan ay kapos upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng bayan;

SAPAGKAT, ang pakikipagtulungan ng mga taga-pribadong sektor at mga sibikong samahan sa pamahalaang bayan ay inaasahan upang lubos na maisagawa at maisakatuparan ang mga makabuluhan at mabungang mga programa at proyektong pambayan;

SAPAGKAT, ang Muntinlupa Development Foundation, Inc. na isang pribadong organisasyon na sa simula pa lang ng pagkakatatag nito ay naging mabisang instrumento sa pagtulong sa mga maralitang mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga proyektong pangkabuhayan, pagbibigay ng panimulang puhunan upang maipangalakal at pagkakaloob ng mga gawaing pambayan;

SAPAGKAT, ang MDF bilang mabisang kabalikat ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa marangal na layunin nitong makatulong ay muling nagpamalas ng kagandahan-loob sa pamamagitan ng pag-ako sa ipasasahod buwan-buwan sa apat na karagdagang guro ng Mataas na Paaralang Pambayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang ipinamamalas na pakikiisa ng MDF sa pamahalaang bayan ay tunay na nagpapagaan sa kasalukuyang pinapasan nitong mga pangangailangan ng bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magkaloob ng tuwirang pasasalamat sa ipinagkaloob na tulong ng Muntinlupa Development Foundation, Inc. upang mapasahod ang apat (4) na karagdagang guro sa Mataas na Paaralang Pambayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 73 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Septiyembre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang-Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KAPASIYAHAN BILANG 89-

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts